Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes
www.mzbmp.org | facebook.com/mzbmp | 09154948573 | sermonaudio.com/mzbmp
Missionary Bill Hardecker


**Pamagat**: Ang Pagsalakay ng Araw ng PANGINOON

**Texto**: Joel 2:1 “Blow ye the trumpet in Zion, and sound an alarm in my holy mountain: let all the inhabitants of the land tremble: for the day of the LORD cometh, for it is nigh at hand;”

> *Pagsasalin*: Hipan ninyo ang trumpeta sa Zion patunugin ninyo ang hudyat sa aking banal na bundok; Manginig ang lahat ng naninirahan sa lupain, sapagkat ang araw ng Panginoon ay dumarating, ito'y malapit na;”

**Panimula**:

1. Sa pamamagitan ng salita ng Dios na dumating kay Joel, ay nakita niya ang mga pangyayari na lampas sa kanyang kapanahunan, at lampas rin sa ating kapanahunan ngayon.
2. Nakita niya ay tinatawag na “Araw ng PANGINOON.”






1. Ipinahayag ni Joel ang isang hinaharap na paglusob ng hukbo nga mga demonic-locusts (demonyong mga balang) sa Joel 2:1-11 (cf. Revelation 9:1-12).

2. Ang mga pangyayaring ito ay sa pagtunog ng ikalimang trumpeta (Rev. 9:1) – at ito ay nasa kalagitnaan ng 7 year Tribulation period. (Ito ay ang First ng Tatlong “Woes” – Kaabahan; Kapighatian.

3. Ang salot ng demonic-locusts ay para pinsalain nila ang mga sumasamba sa Halimaw ng Tribulation period (Rev. 9:4).

4. Ang mga demonic-locusts ay galing sa “bottomless pit” (walang hanggang kalaliman) at sila ay nasa pamumuno ni Satanas – ang hari ng mga demonic-locusts (Rev. 9:11). “Abaddon” (Hebew) or “Apollyon” (Greek) nangangahulugang “destroyer.”

5. Ang mga ligtas ngayon (sa kasalukuyan) ay ligtas rin as parating na Araw ng Panginoon. Dahil hindi po tayo itinalaga ng Dios sa poot (1 Thessalonians 5:9). Nangako ang Panginoong Jesus na ang kanyang iglesia o simbahan ay iingatan Niya sa panahon ng pagsubok na darating sa mga tao ng sanglibutan upang subukin ang mga naninirahan sa lupa (Rev. 3:10).

6. Ang mga maliligtas sa kapanahunan ng Tribulation period ay makakaranas ng matinding pagsubok pero sila ay tutulungan ng Panginoon – sa gitna ng kanilang kahirapan.

7. Habang may panahon, habang hindi pa dumarating ang Araw ng Panginoon, magsisi at sumampalataya sa Panginoong Jesus – ngayon! (1 Thess. 5:1-5).